THE TAMARAO JOURNAL

WHAT'S INSIDE?

3 Pagsasanay at paghahanda kontra climate change..

VOLUME I No. 31 June 13, 2022 - June 19, 2022

# Mahigit 150 senior citizens ng Brgy. Alma Villa sa Gloria, binigyan ng ayuda ng Pamahalaang Panlalawigan



NAGKALOOB ang Pamahalaang Panlalawigan ng ayuda sa may 150 senior citizens ng barangay Alma Villa, Gloria sa Alma Villa Evacuation Center and Multi-Purpose Hall noong Hunyo 4. Naglalaman ang naturang ayuda ng bigas, canned goods,kape, powdered milk at instant noodles sa halip na gatas lamang na kahilingan ng mga konsehal ng barangay sa gobernador noong nakaraan.

Pinangunahan ang naturang gawain nina Governor Bonz Dolor at ang may bahay nitong si Gng. Hiyas-Govinda Ramos-Dolor. Kasama rin sa naturang gawain ang mga opisyales ng naturang barangay sa pangunguna ni Kapitana Illuminada Nazareno.

Ibinahagi ng gobernador ang pagmamahal nito sa mga nakatatanda, dahil aniya, siya ay lumaki sa puder ng kaniyang mga lolo at lola. Inilahad rin niya ang lahat ng mga sakripisyo at pagmamahal na ipinadama sa kaniya ng kaniyang mga lolo at lola. Kung kaya nga't ngayong siya ay gobernador na, isa sa mga pinapahalagahan niyang sector ay ang mga nakatatanda, dahilan upang iba't-ibang mga programa at mga proyekto ang kaniyang ipinagkakaloob sa mga ito. Ilan lamang sa mga ito ay ang cash incentives sa mga senior citizens at bahay pulungan ng mga seniors sa iba't-ibang bayan sa lalawigan.

Lubos naman ang pasasalamat ni Kap. Nazareno sa Pamahalaang Panlalawigan at kay Gov. Bonz sa pagpapaunlak sa kahilingan na mapagkalooban ng ayuda ang mga senior citizens ng kaniyang barangay. Humiling din ang kapitan sa gobernador na kung sana ay mas madagdagan pa ang mga proyektong pangkaunlaran sa kanilang barangay upang makatulong sa pangkalahatang kaunlaran nito.

Pasasalamat din ang ipinaabot ng isa sa mga nakatanggap ng ayuda, ayon kay Lola Merla Mamitag. 63 taong gulang mula sa naturang barangay, labis-labis ang tuwang kaniyang nararamdaman dahil sa ipinagkaloob na ito ng gobernador. Sana aniya, ay ipagpatuloy pa ng gobernador ang kaniyang pagtulong sa katulad niyang mga nakatatanda (PIO Oriental Mindro).

THE TAMARAO JOURNAL

RUEL T. LANDICHO
PUBLISHER

RAIA JENNIFER E. DELA PENA
EDITOR IN CHIEF

MARIA GLENDA LANDICHO
OPERATIONS AND CIRCULATION MANAGER

JACQUILOU LIRIO
ANTON VIKTOR LANDICHO
STAFF WRITERS

JORGE THOMAS BEATO
LAY-OUT ARTIST / GRAPHIC DESIGN

REYMUND AL USSAM
LEGAL CONSULTANT

THE TAMARAO JOURNAL IS A WEEKLY NEWSPAPER CIRCULATING IN THE PROVINCE OF ORIENTAL MINDORO, ISSUED EVERY WEDNESDAY. OFFICE: IBABA WEST, CALAPAN CITY, OR. MIN. CONTACT: 09175668361
EMAIL ADD: TAMARAOJOURNAL@GMAIL.COM


REGIONAL TRIPARTITE WAGES AND PRODUCTIVITY BOARD MIMAROPA
SOURCE: DEPARTMENT OF LABOR AND EMPLOYMENT (DOLE)

WAGE INCREASE
FOR PRIVATE WORKERS EXCEPT KASAMBAHAY

Per Wage Order No. RB MIMAROPA - 10
(Effective: June 10, 2022)

| ALL SECTORS/ INDUSTRIES | CURRENT MINIMUM WAGE RATES | BASIC WAGE INCREASE | NEW MINIMUM WAGE RATES |
|---|---|---|---|
| Establishments with 10 workers and above | P320.00 | P35.00 | P355.00 |
| Establishments with less than 10 workers | P294.00 | P35.00 | P329.00 |

PIO Provincial Information Office - Oriental Mindoro GSM




For you commercial print needs!
Books, yearbooks, marketing collaterals
www.sinagprintingpress.com
sinagprinting@gmail.com / 09175668361

WE ARE OPEN TO CONTRIBUTORS AND WRITERS, PLEASE SEND ARTICLES, IDEAS AND INQUIRIES TO
website: www.tamaraojournal.com /
email add: tamaraojournal@gmail.com

# *Basketball Clinic isinagawa ng Pamahalaang Panlalawigan para sa bayan ng San Teodoro*



NAGSIMULA na noong Hunyo 15 ang Basketball Clinic sa bayan ng San Teodoro na isa sa mga isinusulong na programa ng Pamahalaang Panlalawigan sa pamumuno ni Governor Humerlito "Bonz" Dolor upang linangin ang kakayahan ng mga kabataan sa larangan ng sports.

Ang naturang sports clinic ay nilahukan ng mga kabataan na may edad na 15 pababa mula sa mga barangay ng San Teodoro at magsasanay sa loob ng tatlong araw. Pinangasiwaan naman ang gawain ng Office of the Governor - Special Concerns Division/ Youth and Sports sa pangunguna ni SCD Youth and Sports Head Junielo P. Alcuran.





# Pagsasanay para sa higit na paghahanda sa Oriental Mindoro *kontra climate change* isinagawa



MAS MAIHAHANDA ngayon ang lalawigan ng Oriental Mindoro matapos na sumailalim ang mga opisyal at kawani ng Pamahalaang Panlalawigan at kinatawan iba't ibang bayan sa isang 4-day training session upang malaman ang Climate Vulnerability and Risk Information System (CVRIS) o isang sistema na magbibigay ng higit na kaalaman hinggil sa mga nakaambang panganib sa lalawigan dulot ng climate change.

Ang CVRIS ay isang digital tool na makatutulong upang mas epektibong makapagplano nang tuluy-tuloy at makapagsanggkap ng mga mas sigurado at napapanahong datos sa pagpaplano para sa kahandaan ng lalawigan sa pag-iral ng climate change.

Sa naturang oryentasyon na dinaluhan ng daang mga opisyal at mga kawani ng konsernadong ahensya ng pamahalaan, binigyang diin ang panganib na kinakaharap ng lalawigan sa kapaligiran dulot ng climate change. Dahilan nito kaya pinaiigting ngayon ang sistema ng pangangalap ng mga kinakailangag datos hinggil sa klima, sosyal, ekonomiko at agrikultural ng lalawigan upang mapag aralan kung nasaang antas ng panganib dulot ng climate change ang kinakaharap ng lalawigan ngayon. Kabilang sa mga panganib na ito ang pagbaha at pagkatuyot ng lupa, Malalaman din dito kung paano ito nangyayari at kung saang lugar ito maaaring mangyari.

Ang naturang sistema na dinivelop ng Global Green Growth Institute Philippines sa pakikipagtuwang sa artificial intelligence company senti at mga eksperto sa data analysis na pinondohan ng Korea International Cooperation Agency (KOICA), nilalayon ng CVRIS na magamit ang geospatial analysis at mapping ng ibat ibang set ng mga data. Bahagi naman ito ng multi-year Climate Resilient and Inclusive Green Growth project na nabigyan ng katuparan sa kasalukuyang administrasyon ni Governor Humerlito Bonz Dolor.

"Bilang isang civil servant, mahalaga ang CVRIS training upang malinang ang aking kaalaman sa paggamit ng mga makabagong paraan ng pagtatala at pag-imbentaryo ng mga datos na may kinalaman sa climate change," pahayag ni Pinamalayan MPDC Oficer Virgilio King, isa sa mga naging kalahok sa naturang gawain .

Naaangkop naman ang naturang gawain dahil naka pokus ito sa sector ng agrikultura kung saan isang agricultural province ang Oriental Mindoro (PIO Oriental Mindoro).

THE TAMARAO JOURNAL

VOLUME I No. 31 June 13, 2022 - June 19, 2022

MSP GAS RETAILING STATION
Gasolina at Krudo,
Sigurado at Garantisado
BARANGAY GULOD,
CALAPAN CITY, OR. MINDORO
CONTACT: 09295453013

# Libong semento ipinagkaloob ng Pamahalaang Panlalawigan sa 108 pampublikong paaralan sa bayan ng Pinamalayan at Bongabong






PINANGUNAHAN nina Governor Bonz Dolor, may bahay nitong si Gng. Hiyas Govinda Ramos- Dolor at ni second district board member-elect Atty. Rolan Ruga ang naturang gawain kung saan tumanggap ang bawat paaralan ng naturang mga bayan ng 50 bags of cement noong Hunyo 10. Tinanggap naman ito ng mga principals, representatives at heads ng bawat paaralan kasama ang mga presidente ng mga Parent-Teachers' Association (PTA).

Tumanggap ang bawat pampublikong paaralan ng elementarya at sekondarya ng bayan ng Pinamalayan ng 2,350 bags of cement kasama ang iba't-ibang mga parapernalya na kinakailangan upang maging handa ang mga guro at mga mag-aaral sa pagbabalik ng face to face classes, gaya ng 14 boxes na facemasks, 4 na gallon ng alcohol, oximeter, 3 kahon ng coupon bonds at mga vitamin C. Ginanap ang naturang pamamahagi sa naturang bayan sa Juan Morente Sr. Memorial Pilot School.

Samantala, tumanggap naman ang mga pampublikong paaralan ng Bongabong ng 3,000 bags of cement kasama ang mga nabanggit na mga parapernalya. Ginanap ang naturang gawain sa Magdalena Umali Suyon Memorial School.

"Umasa kayo na mas doble ang ipakikita at ipararamdam ko sa inyong pagmamahal", ani ni Gov. Bonz sa mga bayan ng Pinamalayan at Bongabong bilang pagbabalik utang na loob sa lahat ng mga nagpahiram muli ng pagtitiwala at pagmamahal sa kaniya nitong nakaraang eleksyon.

Binigyang diin din ni Gov. Bonz sa kaniyang mensahe ang kahalagahan ng pagtupad sa mga ipinapangako ng isang lingkod bayan sa mga nasasakupan nito. Sa pamamagitan aniya nito, nagkakaroon ng konkretong kasunduan ang mga politiko at mga mamamayan.

Pasasalamat naman ang ipinaabot nina Pinamalayan West District Public Schools' District Supervisor Dr. Genalin M. Alinio at Pinamalayan East District Public Schools' District Supervisor Dr. Ammafe D. Jarabe sa Pamahalaang Panlalawigan at kay Gov. Bonz sa mga ipinagkaloob nito, partikular ang mga bags of cement na magagamit anila sa pagpapatapos ng mga pagawain sa iba't-ibang mga paaralan sa kanilang bayan. Dagdag pa nila, ang mga ibinahaging mga health paraphernalia na gagamitin ng mga guro at mga estudyante ngayong face to face classes sa new normal ay napakahalaga sa health at safety ng mga lahat ng mga bumubuo ng mga paaralan sa kanilang bayan. Anila, basic pero importante ang mga ganitong ipinagkaloob dahil palagi itong ginagamit dahil hindi pa rin natatapos ang paglaban sa pandemyang Covid-19 sa bansa.

Sa pamamagitan anila ng mga ganitong uring gawain, mas napagiigting at napapalakas ang partnership ng Department of Education (DepEd) at ng Pamahalaang Panlalawigan para na rin sa kapakanan ng mga mag-aaral sa Oriental Mindoro.

Samantala, magiging tuluy-tuloy naman ang pamamahagi ng mga bags of cements sa iba't-ibang mga pampublikong paaralan sa lalawigan sa mga susunod pang araw (PIO Oriental Mindoro).



